PANG-LABING ANIM NA KONGRESO )
NG REPUBLIKA NG PILIPINAS )
Unang Regular na Sesyon )

Senate
Office of the Secretary

'13 JUL -8 18:05

RECEIVED BY: [signature]

**SENADO**

**PANUKALANG BATAS BLG. 504**

Ipinanukala ni Senador Cynthia A. Villar

**PALIWANAG**

Sinasabing malaki ang naiaambag ng kulinarya bilang atraksyon sa industriyang turismo at kalinangan ng isang bansa. Patunay nito ang maunlad na pagkilala sa tinatawag na *"Thai foods"* ng Thailand at ng *"Vietnamese cuisine"* ng Vietnam. Ayon sa pag-aaral, ang pinakamalakas na sandigan ng pagpili ng mga dayuhan sa dalawang nabanggit na bansa bilang destinasyon ay dahil sa katangi-tanging panghalina ng kanilang pagkain.

Samantala, hindi naman matatawaran ang angking lasa at sarap ng lutuing Pilipino. Ang mga pagkaing tulad ng "adobo", "pinakbet", "laing", "sinigang", "inasal", "bibingka", "puto bumbong" "kapeng barako", "balut', at iba pa ay sumasalamin sa mayaman at makulay na kultura ng ating lahi. Hindi ilang dayuhan lamang ang nagsasabing maihahalintulad o higit pa ang ating kulinarya sa taglay na kaibahan at sa kagalingan ng pagkakaluto. Nakakapukol ng atensyon, may tamang timpla at may samyong nagpapatunay ng pagiging tatak lutong Pinoy.

Sa mga nagdaang taon, sinusubukan ng ilang mabubunying negosyanteng Pilipino ang pagpapalawak ng popularidad ng Kulinaryang Pinoy sa ibayong dagat. Ang mga *"proudly-Filipino companies "* na Jolibee, Chowking, Red Ribbon, Goldilocks, at Figaro na may mga sangay sa bansang Estados Unidos, Canada at sa mga siyudad na Shanghai, Dubai at Hongkong ay nagpapatunay ng mataas na uri ng ating lutuin.

Kung mapapagtibay ang panukalang ito, ilan sa mabubuting maaasahan ay ang mga sumusunod:

1. Ang malayong pagyamanin nito at dagdagan ang pagpapalaganap sa Kulinaryang Pinoy. Ito ay pagtataas sa antas ng ating kalinangan.

2. Ang kilalanin ang Kulinaryang Pinoy bilang mekanismo ng pag-unlad ng bansa.

3. Ito ay makakatulong sa pagpapalaganap ng pambansang kamalayan at ng pambansang pagkakakilanlan o *"national identity"*.

**CYNTHIA A. VILLAR**

Senate
Office of the Secretary

'13 JUL -8 A8 :05

RECEIVED BY:

PANG-LABING ANIM NA KONGRESO )
NG REPUBLIKA NG PILIPINAS )
Unang Regular na Sesyon )

SENADO

PANUKALANG BATAS BLG. 504

Ipinanukala ni Senador Cynthia A. Villar

# ISANG BATAS NA NAGPAPALAGANAP NG KALINANGANG PILIPINO SA PAMAMAGITAN NG MALAWAKANG PAGSASAMA NG PAGTUTURO NG KULINARYA AT PAGKAING PINOY SA MGA ASIGNATURANG ARALING PANLIPUNAN, HEKASI AT *'HOME ECONOMICS'* O GAWAING PANTAHANAN AT SA MGA PROGRAMANG TURISMO NG BANSA

*Mangyaring Pagtibayin ng Senado at Mababang Kapulungan ng Pilipinas na nagkakatipon sa Kongreso:*

**SEKSYON 1.** Sa bisa ng panukalang ito bilang pagpapayaman sa kalinangan at kagalingan ng mga Pilipino, ang pagtuturo ng Kulinaryang Pinoy ay gagawing malaking bahagi sa pagtuturo ng asignaturang Araling Panlipunan, Hekasi at *"Home Economics"* o gawaing pantahanan.

**SEKSYON 2.** Ang Kulinaryang Pinoy ay malawakang isasama sa mga programang pang-turismo ng bansa. Ang mga kampanya o propagandang naghihikayat sa mga turista kasama na ang mga siping babasahin, *billboards, motoring advertisements* sa ibang bansa, at iba pa.

**SEKSYON 3.** Ang Pambansang Komisyon ng Kalinangan at Sining, ang Kagawaran ng Turismo, ang Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon ng Mataas na Pag-aaral sa Pilipinas ay mamamahala at magsasagawa ng mga alituntunin at kautusan para sa pagpapatupad ng panukalang batas na ito. Sa kanilang pangangasiwa, sila'y mangunguna sa mga konsultasyon kasama ang mga kinatawan ng pribado at sektor pang-negosyo at akademiko. Sila ay may karapatan at tungkuling magdagdag, magbawas, o magsusog ng mga pagbabago at rekomendasyon na sumasang-alang sa mabuting pagpapatupad ng panukala.

**SEKSYON 4.** Ang Batas na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw makaraang mailathala sa alinmang diyaryong may pangkalahatang sirkulasyon sa bansa.

Pinagtibay,